Kagawaran ng mga Serbisyo para sa Nasa Hustong Gulang, Matanda at Medi-Cal
**In-Home Supportive Services**
**(Mga Tumutulong na Serbisyo para sa Tahanan)**
6955 Foothill Blvd., Suite 300
Oakland, CA 94605

***Atensyon sa Mga Tumatanggap ng mga In-Home Support Services:*** Mangyaring Basahin Ang Mahalagang Impormasyon na Ito Tungkol sa Mga Pangkalahatang Pag-iingat.

Ang Kagawaran ng mga Serbisyo para sa Nasa Hustong Gulang, Matanda at Medi-Cal, at Programa ng In-Home Supportive Services (IHSS) ay nais ipaalam sa inyo at turuan kayo sa mga naaangkop na pamamaraan na dapat ninyong gamitin araw-araw bilang isang tagapagkaloob o tumatanggap ng IHSS upang maiwasan ang pagkakalantad sa mga mikrobyo, virus, bakterya, at mga nakakahawang sakit tulad ng mga kondisyong kaugnay sa AIDS at hepatitis.

Sa likurang bahagi ay may isang mahalagang paglalathala na naglalarawan sa Mga Pangkalahatang Pag-iingat, na dapat ninyong gamitin upang protektahan ang inyong sarili. Bilang isang tagapagkaloob ng IHSS maaari kayong magtrabaho sa mga tumatanggap ng IHSS na mayroong mga nakakahawang sakit. Mahalagang protektahan ang inyong sarili laban sa impeksiyon. Gayon din naman, kung mayroon kayong isang nakakahawang karamdaman, mahalagang protektahan ang mga taong nasa paligid ninyo mula sa pagkakalantad sa impeksiyon.

Mangyaring maingat na basahin ang flyer ng Mga Pangkalahatang Pag-iingat sa likurang bahagi at panatilihin itong nakahanda para maaari kayong sumangguni dito nang madalas. Ang Mga Pangkalahatang Pag-iingat ay tinutulungan ang mga tumatanggap ng IHSS, tagapagkaloob ng IHSS, mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan at ang iba mula sa impeksiyon. Salamat sa inyong atensyon sa mahalagang bagay na ito.

**Ang nagbibigay impormasyon na nilalaman sa nakalakip na flyer at ang sulat sa paghahatid ng impormasyon ay rerepasuhin paminsan-minsan at sasailalim sa pagbabago kapag magkakaroon ng bagong impormasyon sa kalusugan. Ang impormasyon ay nilalayong magbigay ng kaalaman at magturo at HINDI isang kapalit para sa pagsusuring medikal, payo, pagkilala sa sakit o paggamot ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.**

# Mga Pangkalahatang Pag-iingat para sa Mga Tagapagkaloob ng IHSS










Alameda County
Social Services Agency

Kagawaran ng mga Serbisyo para sa Nasa Hustong Gulang, Matanda at Medi-Cal

In-Home Supportive Services

### ***Ano ang mga Pangkalahatang Pag-iingat?***

Ang mga Pangkalahatang Pag-iingat ay mga gabay na susundin ninyo upang maiwasan ang pagkalat ng impeksiyon, kabilang ang trangkaso at ibang mga sakit na dala ng hangin. Ang ibig sabihin lamang nito ay ang paggamit ng mga pag-iingat kapag humahawak ng dugo at ibang mga likido sa katawan ng LAHAT ng tao anuman ang kaalaman ng isang tao kung ang isang tao ay mayroong partikular na nakakahawang sakit o wala. Ang paggamit sa Mga Pangkalahatang Pag-iingat na ito ay poprotektahan kayo mula sa mga nakakahawang sakit tulad ng pagkakaroon ng HIV o Hepatitis B at C. Ang pagiging may kamalayan sa mga gabay ng mga Pangkalahatang Pag-iingat ay poprotektahan kayo at magreresulta sa mas kaunting mga karamdaman para sa inyo at ang mga consumer ng IHSS na inyong binibigyan ng pangangalaga.

### ***Anong mga Pag-iingat Ang Dapat Kong Gawin Para Sa Pangangalaga ng Isang Tao?***

1. Palaging hugasan ang inyong mga kamay ng sabon at tubig sa gripo kapag nagtatrabaho kayo. Ang mga karaniwang nakakahawang sakit ay maaaring makuha mula sa dumi at dumi mula sa katawan na nakakatagpo sa lugar ng trabaho. Alisin kaagad ang dugo ng ibang tao at ang mga duming inilalabas ng katawan mula sa inyong balat sa pamamagitan ng paghugas ng sabon at tubig sa gripo. Hugasan ang inyong mga kamay bago at pagkatapos maghanda ng pagkain, magsagawa ng personal na pangangalaga at mga gawain sa paglilinis ng bahay, at pagkatapos ng pisikal na pagkakadikit sa inyong consumer.
2. Iwasan ang mga butas sa mga bagay na mayroong dugo ng ibang tao.
3. Hawakan ang LAHAT ng likidong lumalabas mula sa katawan ng ibang tao lalo na ang ihi, mga lumalabas sa maselang bahagi ng babae, uhog, o dugo, nang may suot na kagamitang pamproteksyon, kabilang ang mask, mga guwantes, gown at proteksyon sa mata. Palaging hugasan mabuti ang inyong mga kamay ng sabon at tubig sa gripo kapag tapos na kayo.
4. Maingat na itapon ang basura na naglalaman ng mga pinaghugasan ng katawan at matatalim na bagay. Gumamit ng mga espesyal na lalagyan na may mga plastik na liner para sa pagtatapon ng refuse (dumi) na naglalaman ng dugo o para sa anumang mga itinapon ng katawan na naglalaman ng dugo.
5. Labhan ang mga maruming labada sa isang washer na nakalagay sa MAINIT, at patuyuin ang mga ito sa isang dryer na nasa HIGH (MATAAS) na init.
6. Para sa pagtatapon ng mga matatalas na bagay tulad ng mga pang-ahit, gumamit ng mga lalagyan na hindi masisira o mabubutas. Huwag baluktutin, sirain o ibalik ang takip ng mga karayom. Hawakan ang mga lanseta para sa diyabetes nang may pag-iingat upang maiwasan ang mga tusok ng karayom.
7. Linisin ang mga ibabaw na mayroong dugo o mga likido ng katawan na naglalaman ng dugo sa mga ito gamit ang 1:10 na solusyon ng bleach at tubig na paghahaluin araw-araw. Hugasan ang mga pinggan at kasangkapan sa kusina sa mainit, at may sabong tubig. Banlawan sa napakainit na tubig at hayaang matuyo ang mga ito sa hangin.

**Magpabakuna para sa proteksyon mula sa Hepatitis B kung kayo ay isang tagapagkaloob ng serbisyo.**